



*Editoryal*

# Kabataang Pilipino: Isulong ang pakikibaka laban sa rehimeng Arroyo!


**D**amang-dama ng kabataan ang paghihirap at pagdurusa ng sambayanang Pilipino sa ilalim ng bulok, papet at pasistang rehimeng Arroyo. Ang pakikibaka ng mamamayan laban sa pagpapahirap at pandarahas sa kanila, samakatwid, ay pakikibaka rin ng kabataan.

Dahil sa kanilang angking katangian at mga kakayahan, inaaahanan silang maging kabilang sa pinakupususan at pinakamasigasig na tagapagtugayod ng interes ng mama-

mayan at lalaban para wakasan ang anti-kabataan at anti-mamamayang rehimeng US-Arroyo.

Sa kabilang mabibigat na pasanin ng kabataan at kanilang mga magulang, laluna sa muling pagbubukas ng mga klase, wala nang ginawa ang rehimeng Arroyo kundi magbitiw ng hungkag na pangakong hindi tataas ang matrikula at presyo ng mga kagamitang pangeskwela.

Subalit kasabay ng hungkag na pangakong ito ni Arroyo, pumaimbulog na naman ang mga gastusin sa pagpapaaral ng kabataan—mula sa halaga ng matrikula at samutsaring mga bayarin sa eskwelahan hanggang sa mga libro, pamaahe



**Mga tampok sa isyung ito...**

30 malakas na armas, nasamsam ng BHB sa Abra  
PAHINA 7

Kumperensya sa rebolusyong agraryo sa Cagayan Valley  
PAHINA 8

Upisyal ng PNP, umanib sa BHB  
PAHINA 14

at iba pa.

Pinatatampok ng walang awat na pagtaas ng mga gastusin sa edukasyon ang matitingkad na panlipunang suliraning kinakaharap ng kabataang Pilipino. Pinati-tingkad rin nito ang mas malalalim pang suliraning kinakaharap ng buong sambayanan.

Ang kaapihang dinaranas ng mamamayan ay siya ring pinagdurusahan ng kabataan. Biktima ang kabataan ng malawak na disempleado at napakababang pasahod; ng walang awat na pagtaas ng presyo ng petrolyo, pamahe, pagkain at iba pang bilihin; ng mga karagdang buwis upang tustusan ang mga mangungurakot sa gubyerno; at ng iba pang mga patakaran ng reaksyunaryong rehimeng Arroyo na nagsisilbi sa mga dayuhan at umaapi sa bayan.

Sa harap ng labis-labis nang paghihirap ng mamamayan, ipinagmayabang pa ni Gloria Arroyo na ipatutupad niya ang mga patakaran maglulugmok pang lalo sa kabataan at mamamayan sa kumunoy ng kahirapan kahit pa kamuhian siya ng mamamayan.

Sa mga kabataan sa kalunsuran, walang ibang maialok si Arro-

yo kundi ang mga temporary at napakamapagsamantalang trabaho sa mga *call center*. Hinihikayat niya ang kabataan na pumasok rito, gamit na pang-akit ang mabilis na kita, kapalit ng kawalan ng kaseguruhan sa trabaho, pagsuko ng mga karapatan at pagpapaalipin sa mga dayuhang interesado lamang sa mababang pasahod sa mga Pilipino. Ang iba naman ay lantarang ibinubugaw ng rehimeng Arroyo para magtrabaho na lamang sa ibang bansa.

Sa harap ng mabilis na paglalang mga suliraning panlipunang kinakaharap ng sambayanan, todo-todo ang pagsisikap na ilayo laluna ang nakapag-arat na kabataan sa landas ng pakikihamok. Sinisilaw sila ng konsumerismo kung saan ang pag-aari ng isa o ibang klaseng modelo ng *cellphone* o iba pang gaminat ang nagiging pangunahing pangarap sa buhay. Laganap din ngayon sa telebisyon at mga sinehan ang mga kwentong pantasya, krimen at sex na naglalayong libangin at ilihis ang atensyon ng mga manonood sa kalagayan ng lipunan.

Kailangang-kailangang hawiin ng kabataan ang mga sapot na itong nagpapapurol sa kanilang

isip at kamalayan at pumpigil sa kanilang paglahok sa panlipunang pagbabago. Napakahalagang mai-tuon ang kanilang pansiñ at pagsisikap na unawain ang mga suliraning panlipunan at ang mga narapat na hakbang upang wakasan ang pang-aapi at pagpapahirap sa mamamayan.

Mahigpit ang pangangailangan ngayon para sa puspusan at masiglang pagkilos ng kabataan. Kailangang-kailangan ang kanilang sama-samang pagkilos at pagsigawa—sa mga paaralan, komunidad at lansangan—upang magsilbing dala-yan ng hinaing at galit ng sambayanan laban sa labis-labis na pagpapahirap ng rehimeng Arroyo sa mamamayang Pilipino. Ang militansa ng kabataan ay makapupukaw sa mamamayan para kumilos at lumaban.

Labis na kinatatakutan ng rehimeng US-Arroyo ang pagkilos ng kabataan sa lansangan. Tiyak na gagamitin ng rehimeng US-Arroyo ang lahat ng instrumentong hawak nito upang takutin at supilin ang kabataan. Subalit katulad ng ilang ulit nang napatunayan sa nakaranan, walang pagkasaid ang militansa ng kabataan habang malinaw sa kanila na ang kanilang mga pagkilos ay naglilingkod sa bayan.

Ang pagdarahop at pagdursang dinaranas ng sambayananang Pilipino ay araw-araw na nagmulat sa kabataan sa pangangailangan para sa fundamental na pagbabago. Kaya araw-araw ay nadaragdagan ang hanay ng kabataang umaanib sa Partido Komunista at iba't ibang mga rebolusyonaryong organisasyon, kabilang na yaong tumatangan ng sandata at sumasapi sa Bagong Hukbong Bayan.

Taglay nila ang malayong pagtanaw sa hinaharap at ang determinasyon na hulmahin ang bagong sistemang panlipunan na magsisibbi sa mamamayan at bagong salinlahi ng kabataan.

AB

# ANG Bayan

Taon XXXVI Blg. 11 Hunyo 7, 2005

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.org](http://www.philippinerevolution.org)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

## Nilalaman

|  |           |
|--|-----------|
| <b>Editoryal</b>   | <b>1</b>  |
| Pagtaas ng presyo ng edukasyon                               | 3         |
| Konting kibot, bayad   | 4         |
| Ka Linang, kabataang mandirigma                              | 5         |
| Mga reyd sa Abra at Kalinga                                  | 7         |
| “Oplan Nazareth,” bigo                                       | 7         |
| AFP, sinungaling—MAC   | 8         |
| Kumperensya hinggil sa rebolusyong agraryo sa Cagayan Valley | 8         |
| Mga tagumpay sa Bikol  | 9         |
| Rebolusyonaryong sining at panitikan sa Bikol                | 10        |
| Mga manggagawa, nagbuklod                                    | 12        |
| Pambobomba ng US sa Iraq                                     | 13        |
| Welga ng mga Pilipino sa Iraq                                | 13        |
| <b>Balita</b>  | <b>14</b> |

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

# Basbas ng mapagkunwaring rehimeng, kalbaryo ng mga mag-aaral

**K**asabay ng patung-patong na pabigat sa mamayan, taun-taon ay arbitraryong tumataas ang presyo ng edukasyon sa bansa. Dahil sa mainit na pagtutol at pagbatikos ng mga estudyante at mga magulang sa taunang pagtataas na ito, kunwa'y iniutos ng rehimeng Arroyo ang pagsuspindi sa anumang pagtataas ng matrikula (*tuition fee*) at iba pang bayarin. Subalit kasabay ng "kautusang" ito, naglabas naman ng memorandum ang Commission on Higher Education (CHED). Ayon sa CHED Memorandum Order (CMO) No. 14, ang mga pagtaas sa *tuition* at *miscellaneous fees* na mas mababa o kapantay ng kasalukuyang *inflation rate* ay papayagan at hindi na mangangailangan ng konsultasyon sa mga estudyante at mga magulang. (Nitong Abril, umabot sa 8.5% ang *inflation rate*.)

Kaya sa kabilang suspensyon iniutos ni Arroyo, umabot sa 126 pribadong paaralan sa Metro Manila pa lamang ang nagtaas ng matrikula nang hanggang 20%. Ito ay bukod pa sa 205 kolehiyo at unibersidad na nagtaas ng matrikula ngayong Hunyo. Sa Region I, umabot sa 25 eskwelahan ang nakapagtaas ng mga bayarin.

Sa panibagong kautusan ng CHED, ang nagpapanggap na regulasyon ay lumalabas na mas pagpipirmi at pagsasaligal pa sa taunang pagtataas ng mga bayarin sa eskwelahan.

**Miscellaneous fees sa mga pribadong eskwelahan.** Karaniwang nakapaskil at nakapatalastas sa mga eskwelahan ang tusong "*no tuition fee increase*." Sa halip na ipatupad ang halatang-halatang pagtataas ng matrikula, disimulado ang pagtataas ng mga bayarin dahil *miscellaneous fees* ang itinataas ng mga may-ari ng es-

lip na ipatupad ang halatang-halatang pagtataas ng matrikula, disimulado ang pagtataas ng mga bayarin dahil *miscellaneous fees* ang itinataas ng mga may-ari ng es-



kwelahan. Naging kalakaran na ang ganitong estilo sa napakaraming pribadong eskwelahan. At dito tumitiba nang husto ang mga gahamang may-ari ng paaralan.

Ayon mismo sa ulat ng CHED noong Hunyo 2004, tumaas ang *miscellaneous fees* sa mga kolehiyo sa buong bansa nang 140%. (Hindi pa nakabilang sa abereyds na porsyentong ito ang mga datos mula sa NCR, CAR, Caraga, ARMM, Rehiyon III at Rehiyon VII.)

Sa bawat pagtaas ng matrikula, nasa reaksyunaryong batas mismo ang pagpaparti-parte ng halagang idaragdag sa matrikula—70% para sa dagdag na sweldo ng mga guro at iba pang employado ng eskwelahan, 20% para sa mga pasilidad at 10% bilang kita ng eskwelahan. Makikitang tusong iskema at kalabisan ang paniningil ng bayaring *miscellaneous*. Ang mga bayaring kabilang dito ay hindi na dapat sinisingil sa mga estudyante dahil saklaw na dapat ang mga ito sa binayarang matrikula.

Mas masahol pa, karamihan sa mga bayaring sinasabing *miscellaneous* ay hindi lamang doble o sobra ang singil kundi walang basehan. Tila tumingala lamang sa kisame ang mga may-ari ng eskwelahan at nag-imbento ng dagdag na bayarin. (*Tingnan ang kugnay na artikulo sa susunod na pahina.*)

**Miscellaneous fees sa mga pampublikong unibersidad at kolehiyo.** Tulad ng kalakaran sa mga pribadong eskwelahan, nararanasan din ang halos taunang pagtataas ng *miscellaneous fees* sa mga pampublikong eskwelahan. Dito bumabawi ang mga paaralan ng estado sa papaliit na badyet ng rehimeng para sa edukasyon.

May mga eskwelahang mas malaki ang singil na *miscellaneous fees* kaysa matrikula. Halimbawa, sa Polytechnic University of the Philippines (PUP), ang matrikula ay ₱12 kada yunit o ₱252 sa *full load* na 21 yunit. (Ang bawat *subject* sa kolehiyo ay binubuo ng ilang yunit na katurbas ng oras na ginugugol bawat linggo para sa *subject*.) Noong nakaraang taon, itinaas ng PUP ang *processing fees* ng mga estudyante (*tingnan ang talaan*). Lumalabas na mas malaki pa ang halaga ng mga ito kumpara sa kabuuang matrikula ng bawat estudyante.

Ayon naman sa pagmomonitor ng National Union of Students of the Philippines (NUSP), may mga pampublikong eskwelahang naniningil ng di-maipaliwanag na *development fee*, tulad ng University of North-

ern Philippines sa Vigan at Samar State Polytechnic College na nangongolekta ng ₱200 para rito.

Tumaas ang mga *laboratory fee* nang ₱50 hanggang ₱500-600 sa limang departamento at kolehiyo sa University of the Philippines (UP). Noong 2001, tumaas ang matrikula sa mga *graduate school* sa UP mula ₢300 kada yunit tungong pinakamataas na ₢700.

Magpapatuloy ang pagtataas ng mga bayarin sa mga pampublikong eskwelahan dahil sa mababang badyet ng gubyerno para rito. Ayon kay Undersecretary Miguel Luz ng Department of Education, ang badyet ng departamento para sa taong 2006 ay pareho rin ng badyet ngayong 2005 (₱112.5 bilyon). Sa ngayon, mayroong 5.5 milyong estudyante sa *high school* at 12 milyong mag-aaral sa elementarya sa buong bansa. Taun-taon ay lumalaki ang bilang na ito, lalupa't dumaraming estudyante mula sa pribadong eskwelahan ang lumilipat sa mga pampublikong pa-

| <b>Ilan sa processing fees sa PUP na itinaas ang halaga</b> |                      |                            |                     |
|---|----------------------|----------------------------|---------------------|
| <b>Bayarin</b>  | <b>Dating halaga</b> | <b>Kasalukuyang halaga</b> | <b>% ng pagtaas</b> |
| Late payment  | 10                   | 100                        | 900%                |
| Diploma   | 50                   | 100                        | 100%                |
| Graduation fee  | 50                   | 200                        | 300%                |
| Transcript of Records                                       | 10 (lahat ng pahina) | 50/pahina                  | 400%                |
| Verification of grades                                      | 5                    | 50                         | 900%                |
| Accreditaton per unit                                       | 5                    | 12                         | 140%                |
| College entrance test                                       | 100                  | 300                        | 200%                |
| Change of schedule  | 0                    | 20                         |                     |

*Datos mula sa PUP Office of the University Registrar; Accounting Office*

aranan.

rukrsaya, sa labis-labis na pagsamantala sa mga mag-aaral.

**A**ng mga pakitang-taong pagkalinga ng rehimeng sa kapakanan ng mamamayan ay lalong nagpatindihan sa galit nilang nadarama dahil sa labis na kahirapan. Sa edukasyon, nararapat na ipagbawal ang paniningil ng mga bayaring kabilangan at walang basehan. Dapat ding parusahan ang mga gahamang may-ari ng mga eskwelahan, kabilangan ang mga kasabwan nila sa bu-

Sa ilang dekadang lumipas at ilang rehimeng nagdaan, ginawang palabigasan ng uring mapagsamantala ang edukasyon sa bansa. Sa kasalukuyang sistema ng lipunan, hindin-hindi maaasahang tamashin ng mamamayan ang karapatan sa libreng edukasyon. Tanging ang isang bagong sistemang tatangkilik sa karapatang matuto at makapag-aral ang kasagutan. **AB**

## Konting kibot, bayad

**S**a napakaraming pribadong eskwelahan, kulang na lang pati bawat pag-ihi ay may kaukulang singil. Bawat kibot, bawat hakbang, bawat hipo sa mga pasilidad at mga kagamitan ng eskwelahan ay pinababayaran sa mga mag-aaral. Animo'y pumasok sa eskwelahan ang mga estudyante hindi upang mag-aral kundi upang magbayad.

Kaya butas na ang bulsa ng mga gahamang may-ari ng pribadong eskwelahan—butas at punit na sa bigat at dami ng isinisiksik na pera. Ang 20% bahagi ng matrikula na dapat ay ginagasta para sa mga pasilidad ay kanilang kinukulimbat. Bakit may hiwalay na singil sa paggamit ng *air-conditioner*. Mayroong naniningil ng *social action* at ng *building and development fee*. May naniningil ng *guidance and counseling fee*! Gayon na lamang ba kabulok ang sistema ng edukasyon na pati ang mga serbisyo sa *guidance and counseling* ay may katumbas na pera?

Noong 2004, mayroong 37 kolehiyo at unibersidad ang nangolekta ng *"insurance fee"* sa abereyds na ₱49.70 samantalang mayroong mga eskwelahan naman na naningil ng *internet fee* sa abereyds na ₱331.28. Mayroon ding 34 na paaralang nagkamal ng abereyds na ₱318.91 mula sa bawat estudyante bilang *"development fee."* Naningil ang St. Scholastica's College ng ₱600 bilang *development fee*. Ang University of Santo Tomas naman ay tumatabo ng ₱24 milyon bawat semestre mula sa paniningil nito ng ₱800 bilang *energy fee* sa 30,000 estudyante!

**AB**

nas University sa Albay?

Sa AMA Computer University, katawa-tawa ang paniningil ng *postal fee*, *insurance fee*, *Smart fee* at *copier fee*.

Sa ibang eskwelahan, ang singil sa kuryente ay iba pa sa paggamit ng *air-conditioner*. Mayroong naniningil ng *social action* at ng *building and development fee*. May naniningil ng *guidance and counseling fee*! Gayon na lamang ba kabulok ang sistema ng edukasyon na pati ang mga serbisyo sa *guidance and counseling* ay may katumbas na pera?

Noong 2004, mayroong 37 kolehiyo at unibersidad ang nangolekta ng *"insurance fee"* sa abereyds na ₱49.70 samantalang mayroong mga eskwelahan naman na naningil ng *internet fee* sa abereyds na ₱331.28. Mayroon ding 34 na paaralang nagkamal ng abereyds na ₱318.91 mula sa bawat estudyante bilang *"development fee."* Naningil ang St. Scholastica's College ng ₱600 bilang *development fee*. Ang University of Santo Tomas naman ay tumatabo ng ₱24 milyon bawat semestre mula sa paniningil nito ng ₱800 bilang *energy fee* sa 30,000 estudyante!

**AB**

# Ka Linang, kabataang mandirigma

**H**ulos bakas pa sa patpating pangangatawan ni Ka Linang na kagagaling lamang niya sa isang malubhang karamdaman. Noong Pebrero ay tinamaan siya ng malarya na naging sanhi ng kumplikasyon sa bato at baga. Sa mga kadahilanang panseguridad ay hindi niya kinayang magtagal sa ospital, kaya naobliga siyang tapusin ang pagpapagaling sa loob na ng sonang gerilya.

Sa pakikipagkwentuhan sa kanya ay mapapag-alaman ding mayron siyang matinding hika na maya't maya'y ay umaatake. Nagkaroon din siya ng *primary complex* o tuberkulosis noong siya ay bata pa.

Sa unang tingin, mahirap isipin kung paano nakaaangkop ang isang taong napakaselan ang pangangatawan sa hirap at panganib ng buhay gerilya. Subalit ang kanyang matamis na ngiti at masiglang tinig ang nagpapatunay na hiyang na hiyang siya sa pagiging mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan. Si Ka Linang ay kabilang sa patuloy na lumalawak na hanay ng kabataan na nagpasyang maglingkod nang buong panahon sa pagsusulong ng armadong pakikibaka sa kanayunan.

Magbebeyente-dos na si Ka Linang. Dati siyang estudyante sa University of the Philippines at halos 20 taong gulang nang magpasayang kumilos nang buong-panahon sa kanayunan.

Namulat siya noong 2001 sa gitna ng isang masiglang kampanya na masa laban sa mga kontra-estudyante at kontra-mamamayang programa ng Department of Education. Nagpasya siyang maging aktibista sa loob ng kampus. Unti-unting lumalim ang kanyang kamulatan sa pagdalo sa mga pag-aaral at masusing pagbabasa ng mga materiyales na inihanda ng organisa-

syon. Kinakitaan siya ng sigasig sa pagkilos bilang aktibista. Matapos ang tatlong buwan, inimbitahan siyang sumapi sa Kabataang Makabayan. Ilang buwan pa ay inanyahan siyang maging kandidatong kasapi ng Partido Komunista.

Sa bagong yugto ng kanyang buhay-aktibista, hinarap ni Ka Linang ang usapin ng pagkilos nang buong-panahon. Nagpasya muna siyang ipagpatuloy ang pag-aaral dahil malalim din ang kanyang interes sa kanyang curso. Sa kabilang banda, kusa na niyang tinalikuran ang pakikipagbarkada at inayos ang iskedyul ng pagpasok sa eskwelahan para may malaki-laki pa siyang panahong mailaan sa mga responsibilidad bilang kasapi ng Partido.


Mas matindi ang kinaharap niyang problema sa pamilya. Napa-kaistriktu at tradisyunal ng pagpalaki sa kanilang magkakapatid at bawat pag-suway sa kagustuhan ng magulang ay tinutugunang pisisikal na kaparusahan. Di nagtagal at nalaman ng kanyang ina ang kanyang aktibismo nang makita si Ka Linang sa telebisyon na nagsasalita sa harapan ng rali at lumabas din ang kanyang larawan sa dyaryo. Bugbog ang inabot ni Ka Linang nang aminin na niya ang kanyang pagkilos. Ilang araw siyang hindi nakalabas ng ba-

hay sa dami ng pasa sa kanyang mukha at katawan.

Kinailangan na niyang gumawa ng mapagpasyang hakbang. Isang liham na nagpapaliwanag ng kanyang desisyon ang kanyang iniwan sa kanyang magulang sa unang pagkakataong nakalabas siya ng buhay. Kagyat pagkatapos nito'y pumaloob si Ka Linang sa dalawang-buwang programa ng integrasyon sa kanayunan.

Kaagad namalas ng mga kasama ang katatagan ni Ka Linang. Hindi siya pinanghinaan ng loob kahit pa iilang araw pa lamang siyang nakananib ay napadepensiba ang kanilang yunit at nagbuwis ng buhay ang isa nilang kasama. Pinangibabawan niya ang hirap sa malayong paglalakbay at kagutuman. Nagpasya siyang maging bukas sa anupamang mararanasan sa kanayunan at tanggapin ito bilang bahagi ng buhay-gerilya. Ang dalawang buwan niyang programa ay pinalawig pa niya. Matapos ang ikatlong buwan, nagpasya na siyang maging pultaym na mandirigma.

Gayunpaman, nanatiling limitasyon ni Ka Linang ang pagiging hikain. Nahirapan siyang lumahok sa



ilang teknikal na gawain tulad ng pagluluto dahil sa usok, at may pagkakataong hindi rin niya kinakayang sumama sa gawaing produksyon dahil sa kapal ng alikabok na kanyang malalanghap dito. Hindi rin siya makapagpagod masyado dahil hindi na tumatalab ang gamot niya sa hika kapag sumobra ang kanyang pagkahapo.

Pinagmulan ito ng pakikitung-gali sa ilang kasama na hindi nauunawa sa kanyang pisikal na kundisyon. Katwiran nila'y kulang siya sa pagsisikap na gumanap ng gayong mga gawain dahil sa kanyang pagiging petiburges. Minasma rin nila ang pagpapaunlak dito ng kumand at pamunuan ng Partido sa yunit gerilya.

May panahong nabigatan si Ka Linang sa gayong mga tunggalian. Sumabay pa ito sa matitinding pag-atake ng kanyang hika bunga ng grabeng lamig. Sumagi sa kanyang isipan na siguro'y hindi nga siya nababagay sa yunit gerilya dahil sa kanyang pangangatawan. Ibinukas niya sa yunit ang kanyang mga agam-agam.

Dito nasaksihan ni Ka Linang ang halaga ng pagiging bukas at tapat sa mga kasama. Sa halip na batikusin siya at ang ibang katunggali, ginawa itong pagkakataon ng yunit para mailunsad ang isang pulong pag-aaral tungkol sa pagkilala, pagharap, pag-angkop at pangingibabaw sa mga limitasyon. Dito'y nilinaw na ang lahat ng mga kasama'y may angking limitasyon at kalakasan, at ang malalaga ay ubos-kayang pag-aambag ng bawat isa sa pagpapaunlad ng gawain sa rebolusyon. Sa kaso ng mga may matitingkad na limitasyon tulad ni Ka Linang, importante ang pag-unawa at pag-alalay ng ibang kasama. Sa kanya namang bahagi, niresolba niyang huwag magpapatali sa limitasyon, pero huwag ding isakripisyong kalusugan para makapaglingkod pa nang

matagal sa rebolusyon.


Ang gayong mapagkasamang pag-unawa at pag-alalay ang iba-yong nakapagpatatag kay Ka Linang. Ito rin ngayon ang gumagabay sa kanya sa pagtulong sa iba pang mga ekposyuri at bagong sampa na umangkop sa buhay-gerilya.

Nitong huli ay nagsilbi siyang *buddy* ng isa pang hikaing kasamang babae na nag-eksposyur sa kanilang larangang gerilya. "Sabay kaming mag-jogging," aniya. "Pinakikiramdam lang namin kung hanggang saan namin kakayanin. Hangga't kaya ay sumasabay kami, at masayang-masaya kami sa bawat round na nakukumpleto namin." Tumitigil sila para magpahinga tuwing sumusulpot na ang sintomas ng hika.

"Sa luto," patawang ani Ka Linang, "kung minsan ay dinudugtungan ko ng kahoy ang hawakan ng sandok para hindi ako masyadong mapalapit sa usok, at nagbabalot ako ng panyo sa mukha. O kaya'y pinakikiusapan ko muna ang ibang kasama na magparikit ng apoy para hindi ako mapuruhan ng unang bugso ng usok."

Subalit napansin din ni Ka Linang na baligtad ang epekto sa kanya ng usok ng pulbura. "Nakakapagpatapang," aniya. Dahil dito, wala siyang gaanong kinaharap na problema sa paglahok sa mga taktilik na opensiba.

Sa kanayunan na sumumpa bilang ganap na kasapi ng Partido si Ka Linang. Kasalukuyan siyang kagawad ng seksyon ng Partido. Nag-sisilbi rin siyang giyang pampulitika ng iskwad. Siya rin ang upisyal sa edukasyon, propaganda at kultura ng platon, at pangunahing responsable sa pagpapadala ng mga ulat koresponsal, tula, salaysay, drowsing at iba pang likhang sining na gawa ng mga kasama sa platon sa *Baringkuas*, ang panrehiyong pahayagang masa sa North-



## **Ang kanyang mensahe sa kapwa kabataan, "Halina sa kanayunan. Masayang magrebolusyon, dahil tulung-tulong."**

eastern Luzon.

Nang sumanib sa platon si Ka Linang, nadatnan niyang may maataas-taas nang antas ng kasanayan ang mga kasama sa gawaing pangkultura. Dahil sa kanyang pagpupursigi, nakatulong siya para maging regular na bahagi ng gawain ng platon ang gawain sa kultura. "Parang nang-aahita rin sa rali" ang paglalarawan niya sa masigla niyang paghikayat sa mga kasama na pangibabawan ang kanilang hiya tuwing may mga pangkulturang pagtatanghal. Kitang-kita rin naman ang bunga ng gayong mga pagsisikap sa kahandaan ng mga gerilya na mag-ambag ng awit, sayaw, tula o iba pang uri ng pagtatanghal, at sa pagtaas mismo ng kanilang mga kasanayan sa sining.

Si Ka Linang mismo ay mahusay sa pagganap sa "visual letter" o paglikha ng sayaw o galaw kasabay ng awit o tula. Nakabuo na siya ng ilang tula at awit, at maya't maya ay gumagawa ng mga dibuho sa kanyang notbuk. Lagi't lagi, ang kanyang paksa ay mga tagpo sa pang-araw-araw nilang buhay bilang mga buong-panahong rebolusyonaryo sa kanayunan.

Muli't muli ay sumisibol ang kanyang ngiti. Ang kanyang mensahe sa kapwa kabataan, "Halina sa kanayunan. Masayang magrebolusyon, dahil tulung-tulong."

AB



## 30 malalakas na armas, nasamsam ng BHB sa Abra

**H**indi kukulangin sa 30 malalakas na armas ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isinagawa nitong reyd noong alas-11 ng umaga sa detatsment ng 41st IB sa Barangay Tiempo, Tubo, Abra ayon sa inisyal na impormasyong natanggap ng *Ang Bayan*. Pito ang nasugatan kabilang ang apat na sundalo at tatlong elemento ng CAFGU.

Nasamsam ng mga gerilya ang isang M16, walang M14, 20 Garand, isang karbin at iba pang kagamitang militar.

Kaagad na nagaabot ng pagbati ang Partido Komunista ng Pilipinas sa mga Pulang mandirigma sa matagumpay na reyd. Ayon kay Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng PKP, ang malaking bilang ng armas na nasamsam ng mga Pulang mandirigma ay makatutugon sa lumalaking pangangailangan para sa karagdagang sandata at iba pang kagamitang pandigma upang armasan ang dumaraming bilang ng mga bagong rekrut.

Ayon kay Ka Roger, mailulunsad ng BHB ang mas marami pang mga taktikal na opensiba "na papantay o hihigit pa" sa reyd sa Tubo sa mga susunod na buwan matapos ang ilang buwang konsolidasyon nitong unang bahagi ng 2005.

Ipinakikita ng reyd sa Tubo na ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka ay sumusulong nang puspusan, ani Ka Roger. Tinuya niya ang mga pahayag ng upisyal ng rehimeng Arroyo na mapupuksa na ang BHB sa loob ng anim na taon.

Nanawagan pa si Ka Roger sa mga Pulang kumander at mandirigma ng BHB na mas madalas pang maglunsad ng mas malalaking taktikal na opensiba upang samantalahan ang mababang moral at kaguluhan sa hanay ng militar at pulis bunga ng kontrobersya sa hweteng at tunggalian ng mga upisyal ng PNP at AFP.

Bago ito, dalawang sundalo rin ang napatay at nasugatan ang isa pa nang ambusin ng isang yunit ng Agustin Begnalen Command noong Mayo 7 ang isang tim ng Philippine Army at 15 elemento ng CAFGU sa Lagangilang, Abra. AB

### 2 M16, nasamsam ng BHB sa Kalinga

NAKASAMSAM ang mga Pulang mandirigma ng Lejo Cawilan Command (LCC-BHB Kalinga) ng dalawang M16 sa isang matagumpay na taktikal na opensiba noong Mayo 22 sa Balantoy, Balba-lan.

Tatlong tropa ng kaaway ang napatay at tatlong iba pa ang nasugatan. Walang anumang pinisala sa sa panig ng mga gerilya. Kabilang sa napatay na tropa ng 21st IB si 2nd Lt. Eric Bula-tao. AB

## "Oplan Nazareth" ng AFP, malaking kabiguan

**I**sang malaking kabiguang militar ang engrandeng "Oplan Nazareth" na inilunsad ng 4th Infantry Division ng Philippine Army sa Surigao del Sur. Taliwas sa ipinanganak ng AFP, mahigit 60 sundalo ang napatay, kabilang ang dalawang tinyente, at di mabilang ang mga nasugatan sa mga pakikipagsagupa nito sa BHB mula Marso hanggang Mayo.

Pinakahulang kaswalti ng kaaway si 2Lt. Peter Vinluan ng 58th IB na napatay nang salakayin ng BHB noong gabi ng Mayo 30 ang kanilang detatsment sa Barangay Habag, Lanuza, Surigao del Sur. Malubha ring nasugatan ang isa

pang sundalo. Una nang napatay si 2Lt. July Rose Yandog, lider ng isa sa mga platon ng 6th Scout Rangers Company na sumuyod sa Barangay Mahaba, Marihatag noong Mayo 3. Tinamaan ng isnayper si Yandog.

Ayon kay Jorge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng National Democratic Front sa Mindanao, limang batalyon ng Philippine Army ang ginamit ng AFP sa "Oplan Nazareth" laban sa malit lamang na bilang ng mga Pulang mandirigma sa Andap Valley sa hangganan ng mga bayan ng Marihatag, San Agustin, San Miguel, Lianga at Tago. Nagsimula ang pagpapaigting

ng kampanyang militar noong Marso 27 at nagtapos noong Mayo 12.

Bagamat nakalalamang sa pwersa at kagamitan ang kaaway, walang napatay o nasugatan man lamang sa panig ng BHB. Dahil sa kabiguan nilang gapiin ang mga gerilya, pinagbuntunan ng mga pasistang militar ang mga walang kabalang-sibilyan. Mahigit 4,000 katao ang napilitang lumikas mula sa mga nabanggit na lugar mula Abril 3 hanggang Mayo, at maraming napabalitang pang-aaibuso sa karapatang-tao.

Inilunsad ang "Oplan Nazareth" matapos iutos ni Gloria Macapagal-Arroyo na hawanin ang lugar para

sa pagtrotroso at pagmimina ng mga dayuhang kapitalista. Mariing tinututulan ng mamamayan sa lugar ang gayong mga plano. Kabilang ang Andap Valley sa mga lugar sa Mindanao kung saan pinawalambisa ang "total log ban." Maiigting din ang mga kampanyang militar sa iba pang lugar sa isla na ibinukas sa mga dayuhang kapitalista, gaya ng Caraga Region, Compostela Valley at mga prubinsya ng Davao at South Cotabato, partikular ang Liguasan Marsh na may mayamang reserba ng *natural gas*. AB

### Tagumpay ng AFP, pinabulaaan ng Merardo Arce Command

PINASINUNGALINGAN ng Merardo Arce Command (MAC) ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Southern Mindanao ang paghahambog ng AFP na nalagasan ng malaking bilang ng mga mandirigma ang BHB sa labanang naganap noong Mayo 14 sa Sityo Gopako, Barangay Sinuda, Kitao-tao, Bukidnon.

Sa isang pahayag, sinabi ni Ka Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng MAC, na ang pinagsanib na pwersa ng 26th at 8th IB na tinambangan ng 1st Pulang Bagani Command ang siyang natayanan ng apat na sundalo at nagtamo ng di bababa sa apat na sugatan. Nasamsaman din silla ng isang M14 at maraming kagamitang militar. Sa kabilang banda, dalawang Pulang mandirigma—sina Ka Maricel at Ka Bolaw—ang namartir sa naturang labanan.

Ayon sa MAC, susi sa pangngibabaw ng BHB ang lawak at lalim ng suporta ng rebolusyonaryong baseng masa para sa Pulang hukbo. AB

# Unang kumperensya hinggil sa rebolusyong agraryo sa Cagayan Valley, idinaos

**M**atagumpay na naidaos ni tong Mayo sa isang sotong gerilya sa Northeastern Luzon ang unang kumperensya hinggil sa rebolusyong agraryo sa Cagayan Valley. Ang pitong araw na kumperensya ay dinaluhan ng 33 delegado mula sa iba't ibang larangang gerilya ng rehiyon at tatlong tagamasid mula sa *Ang Bayan, Liberation* at Pambansang Kawanihan sa Edukasyon.

Naging mabunga ang maiinit na talakayan sa kumperensya na tumagal mula umaga hanggang gabi. Nalagom ang karanasan ng rehiyon sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo mula 2000. Naibahagi ng mga larangan, hayag na organisasyong masa, lokal na sangay ng Partido at maging ng mga tagamasid mula sa mga pambansang organo ang iba't ibang tam-pok na karanasan sa pagsusulong ng rebolusyong agraryo. Natalakay at pinagtibay ang tatlong-taong tungkulin ng kilusang magbubukid sa rehiyon. Nakapagbalangkas din ng mga resolusyon kaugnay ng ilang partikular na usapin sa gawain ng rebolusyong agraryo.

Malinaw mismo sa paglalagom ng kumperensya ang mga bunga ng paglulunsad ng rebolusyong agraryo sa Northeastern Luzon. Tatlong daang libong (300,000) katao sa tatlong prubinsya ng rehiyon ang nakinabang sa pagpapababa ng interes sa utang at iba pang benepisyo tulad ng pagpapababa ng upa sa lupa, pagtataas ng sahod ng mga manggagawang bukid, pagtataas ng presyo ng mga produktong bukid at iba pa. Nakatulong din ang mga proyek-

tong sosyo-ekonomiko at iba pang gawain sa pagpapaunlad ng produksyon upang maiangat ang kabuhayan ng masa sa gitna ng matinding kahirapan.

Muling napatunayan ang kawastuan ng rebolusyong agraryo bilang susing kawing sa pagsusulong ng rebolusyonaryong gawain sa kanayunan. Hindi lamang mga tagumpay sa ekonomya ang nakaimit. Natamo rin ang matitingkad na tagumpay sa pulitika, organisasyon, militar at kultura.

Ang kilusang antipyudal ay nagbunsod rin ng pagsigla ng kilusang antipasista, anti-imperialista, anti-dinastiyang Dy, pakikibakang elektoral, kilusang pangkalusugan, kilusan sa pangangalaga sa kalkasan at kilusan laban sa krisis sa ekonomiya.



Mula 1999 hanggang 2004, lumaki nang 904% ang bilang ng mga organisasyong masa sa mga sonang gerilya, at nang 2,538% sa buong rehiyon. Lumaki nang 532% ang bilang ng mga grupong pang-organisa. Ang bilang ng mga komiteng pang-organisa ay lumaki nang 610%. At mula sa wala noong 1999, ilampung baryo na ngayon ang may mga ganap na samahang masa.

Dumami ang mga aktibista at lider masa nang 779% at tumaas ang kanilang kakayahang mamuno. Lumaki ang baseng masa sa mga baryo at sentrong bayan nang 459%. Dumami ang nabigyan ng mga aralin sa Pambansa-Demokratikong Paaralan o Padepa. Partikular sa North Front ng Cagayan Valley, 2,000 ktao ang nabigyan nito sa loob lamang ng tatlong buwan.

Sumigla ang rebolusyong propaganda at kultura. Dumami ang mga hayag na organisasyong masa. Dumami ang nakakabig na alyado ng kilusang magsasaka, panggitnang pwersa sa baryo at petiburgesya sa sentrong bayan, lokal na burukrata at personae sa antas-bayan at prubinsya.

Sumigla ang pagsampa sa Bagong Hukbong Bayan mula sa mga baryo sa kanayunan at maging sa

mga lunsod. Sumigla rin ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba dahil na rin sa lumalakas na suporta ng masa sa paniktik, kabuhayan at mismong paglahok nila sa opensiba.

Dahil sa mga natamo ng rehiyon sa larangan ng ekonomya, politika, militar at kultura, lumakas ang kilusang magsasaka at rebolusyong kapangyarihang pampolitika hindi lamang sa antas-baryo kundi sa mga bayan, distrito at prubinsya.

Inilinaw sa kumperensya na sa paglulunsad ng rebolusyong agraryo, hindi dapat magpakasapat sa pagtugon sa mga burges-demokratikong kahilingan ng masang magsasaka para sa lupang masasaka. Dapat ding isulong at palakasin ang mga sosyalistang salik hanggang sa matamo ang sosyalistang transformasyon sa agrikultura sa panahong ilulunsad na ang sosyalistang rebolusyon.

Tinukoy sa kumperensya ang mga sosyalistang salik na dapat palakasin. Una rito ang pamumuno ng Partido sa kilusang magsasaka at mga organo ng kapangyarihang pampolitika. Ikalawa ang pagbubuo ng matibay na bag-as ng mga maralita at mababang panggitnang magsasaka. Ikatlo ang pag-oorga-

nisa sa mga manggagawang bukid sa mga plantasyon at sakahang pinatatakbo sa batayang kapitalista. Ikaapat ang pagpapatakbo ng mga samahang magsasaka bilang koperatiba. At ikalima ang mulat na pagtagatguyod sa sosyalistang perspektiba.

Matatamo ang sosyalistang transformasyon sa agrikultura kapag naresolba ang batayan ng indibidal na pag-aari tungong sosyalistang pag-aari ng estado, at naresolba rin ang maliitang produksyon tungong malakihang kolektibong produksyon.

Nilinaw na ang pagkakamit ng sosyalistang transformasyon ay nakasalalay sa pagtagumpay ng pambansa-demokratikong rebolusyon.

Tungo rito, anang kumperensya, dapat maitaas ang antas ng kamulatan ng 300,000 magsasakang nakinabang na sa rebolusyong agraryo at ng daan-daang libong iba pa para mapagtanto nila ang pangangailangan ng rebolusyong pagbabago. AB

*(Maglalabas ang AB ng serye ng mga artikulo hinggil sa iba't ibang aspeto ng rebolusyong agraryo sa Cagayan Valley).*

## Mga tagumpay ng rebolusyonaryong kilusan sa Bikol

**K**abi-kabilang tagumpay ang inani ng buong rebolusyong kilusan sa Bikol sa nagdaang tatlong taon (2001-2004). Nalampasan na ang dating rurok ng lakas na naabot noong kalagitnaan ng taong 1987 sa usapin ng pagbubuo ng Partido, BHB at NDF.

Lumaki ang kasapihan ng Partido sa hanay ng mga manggagawa sa kalunsuran.

Lumakas ang BHB sa rehiyon. Nadagdagan ang bilang ng mga platon ng mga Pulang mandirigma. Tauntaon, nakapaglulunsad ang BHB sa Bikol ng mahigit sa 70 malalaki at maliliit na taktikal na opensiba at mula 2002 hanggang 2004 ay nakapagpapalitaw ng ma-

higit 100 malalakas na armas kada taon. Katumbas ng isang kumpanya ng mga pasistang elemento ng AFP-PNP-CAFGU ang nilipol. Higit pa rito ang masasamang elemento na naparusahan.

Taun-taon, nakapagbubuo ang BHB sa Bikol ng ilang bagong kumpanya, batay sa tuluy-tuloy na pagpapalawak at pagpapalalim sa organisadong baseng masa. Ang kasapihan ng mga organisasyong masa ay lumawak nang 35% sa nakaraang tatlong taon. Halos matutumbasan na nito ang dating rurok sa bilang ng organisadong masa.

Ipinatutupad sa rehiyon ang minimum na programa sa reporma sa lupa at inilunsad ang mga kampan-



## Rebolusyonaryong sining at panitikan, pinayayabong sa Bikol

**N**amumukadkad ang gawain sa pagsusulong ng rebolusyonaryong kultura sa Bikol. Noong nakaraang taon, inilarga sa buong rehiyon ang mga palihan upang maarmasan ang mga kasama at masa ng wastong kasanayan at rebolusyonaryong oryentasyon hinggil dito. Hindi bababa sa dalawang kumpanya ng mga aktibistang pangkultura ang iniluwal ng sampung pagsasanay. Nagmula sila sa hanay ng mga Pulang mandirigma, kasama sa lokalidad at aktibistang masa. Magmumula rin sa hanay nila ang mga magtitiyak sa tuluy-tuloy na pagsigla ng gawaing pangkultura sa kanilang baryo, platun, laranangan o prubinsya.

### Masa ang artista

Kalatas! Pokus! Telon! Ang mga ito ay pamilyar na termino sa dulaan, na narinig sa mga koprahan, kasukalan o kaya'y bakuran ng masa. Sa ganitong mga lugar inilunsad ang mga palihan, at nagtanghal ang mga artista ng sambayanan. Ang mga artista ay galing sa hanay ng batayang masa. Lagi't laging tema ng mga dula ang buhay at pakikibaka ng mamamayan. Makatotohanan ang pag-arte ng mga nagtatanghal habang isinasadula ang hinagpis ng mga biktima ng militarisasyon at pangangamkan ng lupa. Bakas ang militansya sa pagsambit ng mga dayalogo at sa mga kilos ng mga gumanap, sa mga ekse-nang niyayakap na ng masa ang armadong pakikibaka.

Mga *one-act play* o *dulang* may isang yugto ang kinasanayang itanghal. Humihingi lamang ito ng isang lunan (lugar ng eksena), *minimal na props*, at madaling ika-sa ang pagtatanghal, saanman o kailanman.

Iniangkop ang mga



yang masa. Dahil dito, napababa ang upa sa lupa sa mahigit sa 38,000 hektarya kung saan nabiya-yaan ang mahigit sa 10,000 pamilya sa kanayunan.

Nailatag sa signipikanteng bahagi ng rehiyon ang iba't ibang organo ng kapangyarihang pam-politika sa malawak na kanayunan tulad ng mga komiteng pang-organisa ng mamamayan, mga ganap na samahang masa at mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo. Nagsisilbi ang mga ito bilang binhi ng Demokratikong Gubyernong Bayan na patuloy na itinatayo hanggang sa mga antas bayan.

Lumakas ang saligang alyansa ng mga rebolusyonaryong pwersa. Bunga nito, patuloy na nahihiayat ang mga panggitnang pwersa sa kanayunan at kalunsuran na mag-organisa ng kanilang hanay at kumilos kasama ng masang anakpawis. Gayundin, nahihiayat ang maliliit at panggitnang mga negosyante na lumahok sa patriyotikong alyansa laban sa imperyalistang globalisasyon na bumabayo sa kanilang kabuhayan.

Napakikilos din sa iba't ibang rebolusyonaryong gawain ang mga taong-simbanan at mga propesyunal. Kabilang dito ang mga abugado at mga kagawad sa midya na mahigpit na tumututol sa mapanupil na hakbang ng estado hindi lamang sa rehiyon kundi sa buong bansa.

Sa ngayon, dumarami sa kanila ang namumulat sa pangangailangan ng armadong pakikibaka at sa gayo'y tuwirang sumusuporta sa NDF, BHB, at PKP.

Gayundin, nabubuo ang iba't ibang porma ng alyansa at pagtutulungan ng mga pwersang makabayan, patriyotiko at rebolusyonaryo, at sumusulong ang pakikipag-alyansa sa ilang seksyon ng naghaharing uri upang ilantad, ihiwalay at ibagsak ang rehimeng US-Macapagal-Arroyo.

Nakahanda rin ang rebolusyonaryong kilusan at ang mamamayang Bikolano na labanan ang armadong panghahimasok ng tropang US at banta ng digmang agresyon sa pamamagitan ng mga protestang bayan at pakikidigmang gerilya.

Tinatanaw ng rebolusyonaryong kilusan at mamamayan sa Bikol ang mas malalaki at matutunog na mga tagumpay sa susunod na mga taon. Ambag ito ng rehiyon sa pakikibaka ng buong sambayanang Pilipino upang makamit ang lipunang tunay na malaya. **AB**

(Mula sa pahayag ni Kasamang Greg Bañares, tagapagsalita ng NDF-Bikol, sa pagdiriwang ng ika-32 anibersaryo ng National Democratic Front.)



ehersiyong ginamit sa treyning sa karaniwang gawain ng masa sa produksyon. Ang mga halimbawa ng walong batayang kilos sa dulaan ay ibinatay sa mga trabahong tulad ng pagkokopra, pagsisibak at paghahasik ng binhi. Maging ang mga lunan at eksenang binuo ay tiniyak na nakabatay sa partikular na katangian ng prubinsyang pinaglunsaran.

### Naghahimagsik na titik

Kalagayan ng kanayunan ang isinatitik ng mga lumahok sa palihan sa panitikan. Payak at malinaw ang mga mensahe, sa sanaysay, maikling kwento o tula. Sinasalamin ng mga ito ang di-magagaping pagkakaisa ng masa at Hukbo sa pagsusulong ng digmang bayan.

Ang mga maikling kwento ay nasa pormang dagli. Mas maiksi ito kumpara sa formalistikong haba ng maikling kwento at mas madaling isulat. Kadalasan, batay sa mga personal na karanasan sa gawaing masa ang mga nagawang dagli.

Matingkad ang paggamit ng tugma at sukat sa mga likhang tula. Itinuon sa konsepto ng tula bilang pyesang itinatanghal, at hindi nakasulat lamang, ang mga iniluwral ng palihan. At dahil ang Bikol ay may tradisyunal na anyo ng tula, mas yumabong ang mga akdang isinulat sa mga lokal na dayalekto. Maanghang ang pilantik ng rebolusyonaryong *tigsik*. Ang *tigsik* ay isang anyo ng katutubong tula na naglalaman ng pamumuna o kaya'y pambabatikos sa isang tao, bagay o pangyayari, tuwiran man o sa paggamit ng imahe.

Bagama't marami rin sa mga kalahok ang may kasalatan sa literasiya, hindi ito naging hadlang sa pagsasanay. Ginawang kairalan ang kolektibong pagsusulat upang mai-patimong ang partisipasyon sa paglikha ng isang akdang pampanitikan ay maaaring gawin sa pagbu-

buo ng konsepto at paghahapag ng mga ideya, at hindi lamang sa aktwal na pagsusulat.

### Pinsel at pakikibaka

Ang mga kamay na bihasa sa pagtangan ng karet, sundang o kaya'y baril, ay humawak ng mga lapis at pinsel (*paint brush*) sa pagpinta, sa pagsasanay sa sining biswal. Nagsanay ang mga kalahok sa batayang pagdrowing na may kagayat na pakinabang sa pagbibigay ng mga pag-aaral. Mga halimbawa ng paggawa ng tulong-biswal sa mga kursong masa at mga edukasyong pampartido ang unang pinag-aranan ng mga kalahok.

Nasalamin sa kanilang mga myural na kolektibong ginawa ang kanilang paninindigan para sa uring inaapi. Hinulma rin nila ang iba't ibang simbolikong hitsura ng mga uri sa lipunan, nang gumawa sila ng mga maskara at *effigy*. Mahusay na ginamit ang mga lokal na materyales tulad ng abaka, kawayan at kogon sa paggawa ng mga obra.

### Sining at panitikan, paglingkuran sa bayan

Mula sa masa, tungo sa masa, ang ginintuang gabay ng mga aktibistang pangkultura, sa kanilang pagsusulat, pagguhit at pag-arte. Binasag ang elitistang konsepto ng sining at pinagsilbi ito sa masa. Pinalaganap ang pambansa, syentipiko at makamasang kultura. Sa mga manunulat at artista, ipinatimo na kailangang tungkabin ang indibidwalistang pag-angkin sa mga likha. Ang sama-samang pagsusuri, bilang bahagi ng kolektibong paggawa, ay nagpaunlad sa anyo at nilalaman ng mga produkto ng mga palihan.

Gagap ng mga kalahok ang importansa ng gawaing pangkultura sa pagpupropaganda at pagbibigkis

sa hanay ng masa para sa rebolusyon. Kung kaya, itinuon dito ng mga nagsanay ang mga sumunod na pagsisikap at inisyatiba. Batay sa paglagom, isa sa mga mayor na salik ang inilunsad na pamprubinsyang palihan sa Masbate, sa matagumpay na pagkakagawa ng pelikulang "Buhay Masbatenyo." Ang kalakhan ng mga nangasiwa at artistang gumanap sa nasabing pelikula ay dumalo sa nasabing palihan. Realistikong ipinakita ng pelikula ang tunggalian sa pagitan ng mga rantserong mangangamkam ng lupa at mga magsasaka sa Masbate. Gamit ang mga dramatikong tagpo, ipinakita ng pelikula na ang pagsusulong ng digmang bayan ang makalulutas sa pangunahing problema ng masang Masbatenyo.

May balak din ang mga kasama sa prubinsya ng Catanduanes na bumuo at maglimbag ng sariling kalipunan ng likhang pampanitikan. Sa Sorsogon, epektibong ginamit ang mga pangkulturang pagtanghal bilang pampakilos sa mga inilunsad na kampanyang masa.

Matapos ang unang bugso ng mga palihan, sinundan ito ng ilang treyning na pinangasiwaan na ng mga dating dumalo sa pagsasanay. Bunga nito, mas maraming inabot na aktibistang masa. Mas makulay at mas masigla ang mga pagtanghal ngayon sa bawat pagtitipon ng masa't kasama.

Kasabay ng pagsulong sa mas mataas na antas ng mga organisasyong masa, pinagtutuunan naman ngayon sa rehiyon ang mas sistematikong pagsusulong ng gawaing pangkultura sa mga Ganap na Samahang Masa at Komiteng Rebolusyonaryo sa Baryo. Plano ring gumawa ng gabay at oryentasyon para sa mga itatalagang upisyal sa kultura at tim sa kultura, sa bawat sandatahang platan pampropaganda sa Bikol.

# Mga manggagawa, nagbuklod para sa P125 dagdag na sahod

**A**abot lamang sa ₱25 bawat araw ang pinakamataas na aumentong iniutos ng gubernong Arroyo sa pamamagitan ng mga *regional wage board*. Nakaka-insulto ang liit nito kumpara sa malaon nang iginigiit na ₱125 pagtaas sa sahod. Galit ang isinalubong dito ng mga manggagawa.

Lubhang napakaliit ng dagdag na sahod na ito sa harap ng tuluy-tuloy na pagdausdos ng halaga ng piso bunsod ng walang awat na pagtaas ng presyo ng mga produkto ng petrolyo at iba pang bilihin, pagsirit ng singil sa kuryente at tubig, at pagtaas din ng pamahe. Inaasahang lalo pang babagsak ang kabuhayan ng mga manggagawa sa harap ng napipintong pagpapataw ni Arroyo ng dagdag na 20% VAT (*value-added tax*).


Batay sa utos ng gubernong Arroyo, magiging ₱275 na ang minimum na sahod ng mga manggagawa sa National Capital Region (NCR). Walang halaga ang ₱25 dagdag na sahod sa NCR dahil ang tunay na halaga ng piso ngayon ay 79 na sentimo na lamang kumpara noong Marso 2000. Sa gayong sukatang, ang katumbas ng ₱275 arawang sahod ay ₱217.25 lamang. Subalit mismong ang National Economic Development Authority (NEDA) ang may pagtaya na upang mabuhay nang disente ang anim-kata-

ong pamilya, dapat kumikita ito ng ₱638 kada araw.

Mas malala pa ang kalagayan sa mga prubinsya. Sa Southwestern Mindanao, abot lamang ng ₱6 hanggang ₱13.50 na pagtaas sa COLA ang iniutos ng gubyerno. Huligan naman ang magiging dagdag sa arawang sahod sa Western Visayas—₱10 sa Hunyo 18 at ₱5 sa Abril 2006.

Bunsod nito, nagkaisa noong Mayo 28 ang 400 lider-manggagawang pinangungunahan ng Kilusang Mayo Uno (KMU) na supportahan ang House Bill 345, na kasalukuyang tinatalakay sa Kongreso. Sinang-ayunan din nila ang panukala ng mga partido sa pangunguna ng Bayan Muna, Anakpawis at Gabriela Women's Party na ibasura na ang RA 6727 na siyang lumikha sa National Wages and Productivity Board (NWPB) at Regional Tripartite Wages and Productivity Board (RTWPB).

Binuo ang NWPB at RTWPB noong 1987 at sa nakaraang halos dalawang dekada, malinaw na nagsilbi lamang ito sa interes ng malaking dayuhang monopolyong kapitalista at mga lokal na alipures nito. Hinahati nito ang hanay ng mga manggagawa upang pahinain ang kanilang ka-



kayahang igiit ang isang pambansang minimum na sahod. Bunga nito, umiiral ang malaking agwat ng pasahod sa NCR at sa mga prubinsya dahil lubusang kontrolado ang mga *regional wage board* ng mga panginoong maylupa at burgesya kumprador, kabilang ang mga korporasyong multinasyunal.

Nagbabala ang mga manggagawa na maglulunsad sila ng pambansang welga at iba't ibang kilos protesta sakaling ibasura ng Kongreso ang ₱125 *across-the-board* na dagdag na sahod. AB

## Cost of living allowances (COLA)

| Lugar  | Halaga    |
|--|-----------|
| National Capital Region (NCR)                              | ₱50       |
| Cagayan Valley (sa mga sumasahod ng ₱231 pababa kada araw) | ₱15       |
| Central Luzon  | ₱20       |
| Central Visayas (Metro Cebu)                               | ₱15       |
| Iba pang bahagi ng Central Visayas                         | ₱12       |
| Northern Mindanao  | ₱16       |
| Southwestern Mindanao                                      | ₱6-₱13.50 |
| Central Mindanao, P13.50                                   | ₱15       |

## Dagdag sa arawang minimum na sahod

| Lugar  | Halaga |
|--|--------|
| National Capital Region (NCR)                          | ₱25    |
| Calabarzon (Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon) | ₱10    |
| Central Visayas  | ₱15    |
| Western Visayas  | ₱15    |



# Pambobomba sa mga sibilyang target sa Iraq, kagagawan ng US


Unti-unti nang lumalabas sa midya ang tindi ng mga karamal-dumal na krimen ng US sa Iraq. Pinakahuli rito ang nabunyag na pagtatanim at pagpapaputok ng mga pwersang militar ng US ng mga bomba sa mga sasakyang mga walang kamuwang-muwang na sibilyang Iraqi. Itinataon ng US ang pagpapasabog ng mga itinanim na bomba sa mga sibilyang target tulad ng mga moske at palengke upang palabasing tinatarget ng mga armadong Iraqi ang mga kapwa nila Iraqi. Pinalalabas sa mga balita na *suicide car bomber* ang naturang mga sibilyang Iraqi.

Unang sumingaw ang ulat ng mga insidente nang maglabas ng babala ang isang sibilyang Iraqi sa lahat ng mga drayber na magma-tiyag tuwing sila ay pinahihinto sa mga tsekpoyn ng US. Sinundan ito ng mga salaysay ng mga aktwal na pangyayari ng mga nakaligtas.

Sa isang kaso, hinarang ng mga sundalo ang isang sasakyang sibil-

yan sa tsekpoyn sa Baghdad. Pinapunta ng mga sundalong Amerikano ang drayber sa kampo ng US upang tubusin ang kanyang lisensya. Subalit nang pumunta siya roon ay sinabihan siyang magtungo sa isang istasyon ng pulis sa al-Kadimiya, isang distrito ng mga Shiite sa Baghdad. Nang papunta siya sa naturang istasyon ng pulis, nagsus-petsa siyang may problema dahil naramdaman niyang bumigat ang kanyang minamanehong kotse at may bumubuntot sa kanyang helikopter sa ere. Nang kanyang inspeksyunin ang kotse, nakita niya ang 100 kilong bomba na nakatago sa ilalim ng upuan sa likod.

Sa isa pang insidente sa Mosul, napaulat na natagpuan ang nakata-gong bomba sa reserbang gulong ng kotse nang masira ang sasakyang at patingnan ito sa isang talyer. Bago ito, dumaan at pinahinto rin ang naturang kotse sa isang tsekpoyn ng US.



Mayroon ding kasong maglolo na hinarang sa tsekpoyn at tinamnan ng b o m b a ang kani-lang sina-sakyang trak. Mabuti na lamang at napansin ng 11 taong gulang na apo na mayroong inilagay na bagay na "hugis pakwan" ang isang Amerikanong sundalo sa likod ng kanilang trak habang abala ang kanyang 64-taong gulang na lolo sa pagsagot sa mga tanong ng ibang sundalo. Dali-daling ibinaba ng lolo ang

*Sundan sa "Pambobomba...," pahina 14*

## Mga Pilipinong manggagawa, nagwelga sa base militar ng US sa Iraq

Abot sa 300 mga kontraktwal na manggagawa ng Pilipino ang nanguna sa isang pag-aaklas sa Camp Cooke sa Taji, Iraq noong Mayo 24-27 laban sa pang-aapi ng mga kumpanyang Amerikano na nag-eempleyo sa kanila. Ang welgang pinangunahan ng mga manggagawang Pilipino ay sinuportahan ng aabot sa 500 manggagawa mula sa India, Sri Lanka at Nepal.

Ang Camp Cooke ay isang base militar ng US kung saan ang ilang trabahong sibilyan ay nakontrata sa mga kumpanya gaya ng Prime Projects International (PPI) at Kellogg Brown and Root (KBR).

Nagprotesta ang mga migranteng manggagawa sa di-makataong pagtrato sa kanila gaya ng pagpapasa-hod sa kanila ng mas mababa at madalas na

pagkabalam nito, mahabang oras ng pagtatrabaho, kakulangan ng pagkain, pagpapatira sa kanila sa masisikip na kubol at marami pang iba. Bago nagwelga, binantaaan ng KBR ang mga manggagawa na ibabalik sila sa Pilipinas kung ipagpapatuloy nila ang protesta.

Umani ng papuri ang mga manggagawang Pilipino mula sa iba't ibang mga organisasyon sa Pilipinas, kabilang ang Migrante. Kinundena rin ng Migrante ang pagwawalambahala ng gubyerno ng Pilipinas, laluna ng Department of Foreign Affairs sa pang-aapi sa mga manggagawang Pilipino sa mga base militar ng US.

Ang mga Pilipino manggagawa ay kabilang sa tumatanggap ng pinakamababang sahod sa mga kumpanyang Amerikano sa Iraq.

AB

## Upisyal ng PNP, umanib sa rebolusyonaryong kilusan

“MABUHAY ang rebolusyonaryong himagsikan!” Ito ang pasigaw na pahayag ng dating upisyal ng Philippine National Police (PNP) na si Joel Escubido Geollegue matapos siyang pormal na tanggapin ng Boy Gattmaitan Command ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Negros nitong Hunyo 5.

Ang kanyang pag-anib na inilunsad sa isang kampo ng BHB sa katimugang bahagi ng prubinsya ay dinaluhan ng mga piling mamamahayag. Ito ang ikalawang depeksyon sa Negros sa nakaraang isang dekada. Noong 1995, sumapi rin sa BHB si Gen. Raymundo Jarque (ret.), na noo'y hepe ng Southern Luzon Command. Matapos ang dalawang taon sa bundok ay naging konsultant siya ng NDFP peace panel.

Malugod na binati ni Gregorio “Ka Roger” Rosal, tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas, ang pag-anib ni Geollegue sa armadong rebolusyonaryong kilusan. Aniya, makabuluhan ang pag-anib ng dating upisyal ng PNP, unang-una na dahil sa kanyang ranggo at antas ng hinahawakang responsibilidad. Bago ang kanyang depeksyon, 28 taong nagsilbi si Geollegue sa AFP at PNP at nasa unahan ng kontra-rebolusyonaryong kampanya ng reaksyunaryong rehimen. Beterano siya ng mga labanan sa Mindanao. Hinirang siya bilang deputy provincial officer ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) ng Negros Occidental mula 1998. Isa rin siya sa 64 na sundalang sinanay ng Mossad (ahensya sa paniktik ng Israel) noong 1982.

Sa kabilang nito, ayon kay Geollegue, kinasuhan siya ng pagnanakaw at hinatulang nagkasala noong 2003. Naging kaaway niya ang mismong kasamahan niya sa PNP na may kaugnayan sa kriminal na sindikato sa Negros Oriental. Nitong huli, kinatigan ng Korte Suprema ang naunang desisyong anim na taong pagkakabilanggo. Dahil pinagkaitan ng tunay na hustisya, minabuti niyang sumapi sa BHB makaraan ang matagal na pagmumuni-muni.

Ipinakikita ng depeksyon ni Geollegue ang patuloy ng demoralisasyon sa hanay ng mga pasistang instrumento ng reaksyunaryong estado at pag-away-away ng mga paksyon sa loob ng AFP at PNP, ayon kay Ka Roger.

Aniya, batid ng Partido na marami pang kagaya ni Geollegue na may balak kumalas sa reaksyunaryong hukbo at pulisia at umanib o kaya tumulong sa rebolusyonaryong kilusan. Kaugnay nito, muling nanawagan ng Partido sa tapat na mga upisyal at elemento ng AFP, PNP at iba pang reaksyunaryong grupo na sumapi sa Lt. Crispin Tagamolila Movement (LCTM).

Ang LCTM ay isang lihim na kilusan ng mga aktibo at dating upisyal at tauhan ng AFP, PNP at iba pang reaksyunaryong armadong grupo na nagtakwil sa pasismo at krimen at umugnay sa BHB upang paglingkuran ang interes ng sambayang Pilipino.

Dala ni Geollegue sa kanyang pag-anib sa BHB ang apat na baril kabilang ang isang Ingram *machine pistol*. AB

### “Pambobomba...,” mula sa pahina 13

“pakwan” at inilagay sa isang kanal. Nabalitaan na lamang nila noong sumunod na araw na sumabog ang kanilang iniwang bomba at pinalabas sa midya na kagagawan diumano ito ng mga rebeldeng Iraqi. Inorasan sanang pasabugin ang bomba sa sentro mismo ng Baghdad.

Parami nang parami ang mga naging biktima ng ganitong “panghuhuli” at pambobomba ng mga sundalang Amerikano. Ang iba sa kanila ay hindi nakaligtas at nagawang ilabas ang kanilang mga kwento sa *internet*. Sila ang mga buhay na patunay sa walang

pakundangang pagpatay ng mananakop na US sa mga sibilyang Iraqi.

Ang pinakahuling mga kaswalti ng mga pambobomba sa mga moske ay mga kilalang *imam* na Sunni at Shia. Kadududa na ang mga Muslim na Iraqi, gaano man kagalit sa US, ay mambobomba ng kanila mismong mga moske o kaya'y ng mga mataong lugar gaya ng palengke. Kagagawan ito ng mga terorista—ang teroristang imperyalistang US na nagnanais guluhin ang Iraq at hatiin ang mamamayan para lubusan nilang makontrol ito. AB

### Tagasuporta ng welga sa Hacienda Luisita, pinaslang

PINAGBABARIL hanggang mamatay ng apat na armadong lalaki noong gabi ng Hunyo 4 si Artemio Carmen Sr, 52, myembro ng Alyansa ng Magbubukid sa Tarlac (AMK) at tserman ng Barangay Pedro Quinez, Mayantoc, Tarlac. Nasugatan naman ang kanyang asawang si Juanita at anak na si Artemio, Jr. Pauwi na ang tatlo sa kanilang bahay nang sila ay tambangan sa Barangay Poblacion, Tarlac City. Kilalang tagasuporta ng mga welgista ng Hacienda Luisita si Carmen. Ang AMT ay kapatid na organisasyon ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP).

*Editoryal*

# Kabataang Pilipino: Isulong ang pakikibaka laban sa rehimeng Arroyo!

**D**amang-dama ng kabataan ang paghihirap at pagdurusa ng sambayanang Pilipino sa ilalim ng bulok, papet at pasistang rehimeng Arroyo. Ang pakikibaka ng mamamayan laban sa pagpapahirap at pandarahas sa kanila, samakatwid, ay pakikibaka rin ng kabataaan.

Dahil sa kanilang angking katangian at mga kaka-yahan, inaasahan silang maging kabilang sa pinakapususan at pinakamasigasig na tagapagtugoy ng interes ng mama-

mayan at lalaban para wakasan ang anti-kabataan at anti-mamamayan rehimeng US-Arroyo.

Sa kabilang mabibigat na pasanin ng kabataan at kanilang mga magulang, laluna sa muling pagbubukas ng mga klase, wala nang ginawa ang rehimeng Arroyo kundi magbitiw ng hungkag na pangakong hindi tataas ang matrikula at presyo ng mga kagamitang pangeskwela.

Subalit kasabay ng hungkag na pangakong ito ni Arroyo, pumaimbulog na naman ang mga gastusin sa pagpapaaral ng kabataan—mula sa halaga ng matrikula at samutsaring mga bayarin sa eskwelahan hanggang sa mga libro, pamasahen



**Mga tampok sa isyung ito...**

30 malalakas na armas,  
nasamsam ng BHB  
sa Abra

AHINA 7

Kumperensya sa rebo-lusyong agraryo sa  
Cagayan Valley

PAHINA 8

Upisyal ng PNP,  
umanib sa BHB

PAHINA 14

## Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
  - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
  - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
  - c) I-click ang **Properties**
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
  - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)